# SIMPLENG KAPALIWANAGAN NG SURAH AL-FATIHA

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang salin ng kahulugan ng Surah al-Fatiha at kasama ang mga simpleng kapaliwanagan ng bawat talata.

**Kategorya:** Mga Aral › Ang Banal na Quran › Kapaliwanagan ng Ilang Talata

**Ni:** Imam Kamil Mufti

**Nai-publish sa:** 31 Mar 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin

·Matutunan ang salin ng *Surah* al-Fatiha

·Matutunan ang kapaliwanagan ng bawat talata ng *Surah* al-Fatiha sa simpleng lenggwahe

·Pag-aralan ang kapaliwanagan ng mga talata base sa *al-Tafseer al-Muyassar* na isinulat ng lupon ng mga iskolar sa Quran.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Surah* – kabanata sa Quran.

·*Salah* - ang salitang arabik na tumutukoy sa direktang koneksyon sa pagitan ng isang nananampalataya at Allah. Higit pa rito, sa Islam ito ay tumutukoy sa limang beses na pang-araw-araw na espesyal na pagdarasal at ito ang pinaka-mahalagang uri ng pagsamba.

## *Surah* Al-Fatiha

Ang *Surah al-Fatiha* ay ang unang *surah* sa Quran at binibigkas sa bawat espesyal na pagdarasal (*salah*) tulad ng sinabi ng Propeta, ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah ay mapasakanya, **"Walang nagawang *salah* (na may bisa) ang sinumang hindi nagbigkas sa pambungad na kabanata ng Aklat."***(salin ng kahulugan)*[1] Sa pagtanggap ng Islam, ang isang tao ay dapat unang magmemorya ng *Surah* al-Fatiha para makapagsagawa ng itinagubilin na mga pagdarasal. Ang mga kahulugan nito ay dapat na matutunan at pagnilayan sa bawat oras na tayo ay nagsasagawa ng *salah*.

### Teksto, Pagsasatitik, Salin ng Kahulugan, at Kapaliwanagan

***?????? ????? ?????????? ???????????***

***1. Bismillahir rahmaanir raheem***

***Sa Ngalan ng Allah, Ang Pinaka-Mahabagin, Ang Pinaka-Maawain.***

Ang Quran ay nagsisimula na may wasto, natatangi, at personal na pangalan ng Diyos - Allah. '*Ako ay nagsisimula sa ngalan ng Allah'* ay nangangahulugan na ang isang Muslim ay nagsisimula sa kanyang pagbibigkas na humihingi ng tulong mula sa Allah. Ang Allah ay Siyang Diyos ng sangkatuhan na natatanging karapatdapat sambahin. Walang sinuman na maaring pangalananan ng pangalang 'Allah.' Ang Allah Ang Pinaka-Mahabagin (*ar-Rahman*) na Panginoon na ang habag ay sumasaklaw sa lahat ng mga nilikha. Siya rin ang Pinaka-Maawain (*ar-Raheem*) sa mga sumasamba sa Kanya.

***????????? ????? ????? ?????????????***

***2. Alhamdu lillahi rabbil Aalameen***

***Ang Pagpuri (na angkop sa kadakilaan ng Allah) ay tanging sa Allah lamang, Ang Panginoon ng mga Sanlibutan***

Tanging ang Allah lamang ang nararapat na purihin dahil sa kasakdalan ng Kanyang mga katangian, mga materyal na ipinagkaloob, at mga pagpapalang pangkaluluwa. Samakatuwid, dapat lamang na Siya ay purihin ng mga tao sa lahat na ibinigay Niya sa kanila. Siya lamang ang nararapat dito. Siya ang Panginoon ng mga sanlibutan, ibig sabihin nilikha Niya ang lahat ng bagay na umiiral, pinanatili ito sa bawat sandali. Siya ang Panginoon na nagbubusog at nagpapalakas sa mga tagapagsamba na may pananampalataya at mabubuting gawa.

***??????????? ??????????***

***3. Ar rahmaanir raheem***

***Ang Pinakamahahabagin sa lahat, Ang Pinakamaawain sa mga sumasamba sa Kanya,***

‘Ang Pinakamahahabagin’ (*Al-Rahman*) at ‘Ang Pinakamaawain’ (*ar-Raheem*) ay dalawa sa mga maraming pangalan ng Allah.

***??????? ?????? ????????***

***4. Maliki yawmid deen***

***Ang Hari sa Araw ng Paghuhukom.***

Ang Allah lamang ang tanging Hari sa Araw ng Paghuhukom, sa Araw na ang lahat ng mga tao ay hahatolan ng gantimpala o kaparusahan para sa kanilang mga nagawa. Ang pagbigkas sa talatang ito sa bawat *rak'ah* ng pagdarasal ay patuloy na nagpapaalala sa isang Muslim ng darating na Paghuhukom, at hinihikayat siyang gumawa ng mabuti at lumayo sa mga kasalanan.

***???????? ???????? ????????? ???????????***

**5. *Iyyaka naabudu wa-iyyaka nasta-een***

***Tanging Ikaw lamang ang aming sinasamba at tanging Saiyo lamang kami humihingi ng tulong.***

Tanging Saiyo lamang kami sumasamba at tanging Ikaw lamang ang aming hihingian ng tulong sa lahat ng aming mga ginagawa. Lahat ay nasa Inyong mga kamay. Ang talata na ito ay nagsasabi na hindi maaari para sa isang Muslim na kanyang idirekta ang anumang uri ng pagsamba, tulad ng pagdarasal at paghiling ng higit sa karaniwang tulong sa sinuman maliban kay Allah. Ang talata ay nagkokonekta sa puso kay Allah at nagpapadalisay nito laban sa pagiging mapagmataas at pagnanais na purihin ng iba.

***??????????? ?????????? ????????????***

**6. *Ih dinas siratal mustaqeem***

***Patnubayan Mo po kami patungo sa Matuwid na Landas***

Patnubayan Mo po kami at ipakita sa amin ang matuwid na landas at gawing madali para sa amin. Patatagin Mo po kami hanggang sa makatagpo Ka namin. Ang 'Matuwid na Landas' ay ang Islam, ang malinaw na daan patungo sa tunay na Kaligayahan at Harden sa Kabilang-buhay na ipinamalas ni Muhammad, ang huli at pangwakas na propeta ng Diyos. Ang isang tagapagsamba o mananampalataya ni Allah ay hindi maaaring maging masaya at maunlad maliban sa pamamagitan ng pagsunod nito.

***??????? ????????? ???????? ????????? ????? ?????????? ????????? ????? ????????????***

**7. *Siratal latheena an Amta Alayhim ghayril maghdoobi alayhim walad daalleen***

***Ang landas ng mga ginawaran Mo ng Iyong biyaya, hindi sa landas ng mga umaani ng Iyong galit at hindi rin sa landas ng mga naliligaw.***

Ang landas na sinunod ng mga pinagpala - mga propeta, mga matapat, mga martir, at mga matuwid. Sila ang mga tunay na ginagabayan. Huwag mo po kaming ihanay sa

mga sumunod sa landas ng dalawa. Una, yaong mga umani ng pagkapoot ng Diyos dahil alam nila ang katotohanan ngunit kabaliktaran ang kanilang ginawa, at iyon ang halimbawa ng mga Hudyo at sinumang katulad nila. Pangalawa, huwag mo po kaming ihanay sa mga sumunod sa landas ng mga naligaw sa kanilang daan at hindi napatnubayan, at iyan ang halimbawa ng mga Kristiyano at sinumang katulad nila. Ito ay isang panalangin mula sa isang Muslim upang linisin ang kanyang puso mula sa pagkasutil, kamang-mangan, at pagkaligaw. Ipinakikita rin ng talatang ito na ang Islam ang siyang pinakamalaking biyaya ng Diyos. Ang mga nakakaalam ng daan at lumakad dito ay ginabayan, sila ang mga propeta, at walang alinlangan na ang sumunod sa kanila ay ang mga kasamahan ni Propeta Muhammad. Naitagubilin na sabihin ang 'Ameen' pagkatapos ng pagbigkas ng *Surah* al-Fatiha sa pagdarasal. Ang 'Ameen' ay nangangahulugang 'O Allah, tanggapin po ninyo.'

---

Talababa:

[1] *Saheeh Al-Bukhari, Saheeh Muslim*

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/81/simpleng-kapaliwanagan-ng-surah-al-fatiha

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.